



Sa mga huling dantaon bago kay Kristo, ang mga bansa ng Gitnang Silangan ay napasok ng kulturang Griyegong dala ng mananakop na Alejandro (tingnan ang Introduksyon sa Mga Macabeo). Dala ng mga Griyego ang isang bagong pang-unawa sa kalayaan ng tao, sa kadakilaan ng espiritu, sa interes sa siyentipikong pananaliksik, sa kahulugan ng pisikal na kagandahan, atbp.

Kinailangan nilang maging bukas sa ibang paraan ng pag-iisip: kapag nananatiling sara ang alinmang sambayanan sa sarili nitong pambansang kultura na wala nang nakikita pang iba bukod dito, di-magtatagal at namamatay ito. Matalik ang kaugnayan ng kanilang kultura sa mga salita ng Diyos na tinanggap nila sa loob ng maraming siglo, pero hindi pa natatapos ang pagbubunyag ng Diyos at hindi na nito maikulong ang sarili sa balangkas ng kulturang Hebreo.

Ang aklat ng Karunungan ang unang importanteng pagsisikap para maipahayag ang pananampalataya at karunungan ng Israel hindi lamang sa wikang Griyego kundi maging sa kaayusang angkop sa kulturang Griyego.

Sinasagot nito ang lumiligalig na katanungan tungkol sa kasamaan, pagdurusa at kamatayan. Binabalangkas nito ang isang patunay na mayroon ngang Diyos, na magbibigay-inspirasyon naman kay Pablo. Ipinapakita rin nito na iginagawad ng Diyos ang Kanyang awa sa lahat ng nilalang nang walang itinatangi.

Isa ito sa mga aklat na deuterocanonical (tingnan ang p. 754).

Pansining mabuti ang napakagandang mga kabanata 3-5 tungkol sa kamatayan ng makatarungan at pag-asa sa buhay na walang hanggan, pati na rin ang awit sa karunungan sa kabanata 7.

Hanapin ang buhay; kilanlin ang Diyos

1 • ¹ Magmahal sa katarungan, kayong naghahari sa daigdig. Maging matapat sa Panginoon, at taos-pusong hanapin ninyo siya, ² sapagkat siya'y nagpapakita sa mga hindi sumusubok sa kanya at

nasusumpungan ng mga di nawawalan ng pananampalataya sa kanya.

³ Inilalayo ka sa Diyos ng mapanlinlang na mga kaisipan. Kapag sinusubok ang kanyang Walang-Hanggang kapangyarihan, nalilito ang mga hangal.

• **1.1** Mas sumasaatin ang Diyos kaysa tayo mismo sa ating sarili. Hindi na kailangan pang magpakalayu-layo para hanapin ang tunay na karunungan: lumilitaw ito bilang isang espiritong galing sa Diyos at sumasaating-kalooban. Subalit sa taong matuwid lamang ito nahahayag.

Paano masasabing malapit ang di-maabot at banal na Diyos? Dito tinatalakay ang Kalinga, ang Karunungan, ang Katarungan, ang Espiritu ng Diyos. Tinatalakay niya ang mga ito na parang mga sugong padala ng Diyos upang pangalagaan tayo. Sa katunayan, isa itong paraan ng pagpapakilala sa Diyos mismo na

⁴Ang Karunungan ay di pumapasok sa tampalasan, ni nananatili sa katawang alipin ng kasamaan. Umiiwas sa kataksilan ang Banal na Espiritu na ating mangangaral, lumalayo siya sa kahangalan at di mapalagay kapag may naganap na kawalang-karunungan.

⁶Ang karunungan ay diwang mabait sa tao, ngunit hindi niya pababayaang paglait sa Diyos, sapagkat natatalos ng Diyos ang loob na damdamin; tunay na tagapagmasid siya ng puso at naririnig ang anumang dila.

⁷Laganap sa buong daigdig ang Espiritu ng Diyos. Siya ang nagbubuklod ng lahat ng bagay at alam niya ang bawat binibigkas. ⁸Kaya hindi makaliligtas ang nagsasabi ng di-makatarungan at daratan siya ng di-mapabubulaanang paghatol. ⁹Susuriin ang mga hangad ng tampalasan; makararating sa Panginoon ang sinabi niya at parurusahan ang kanyang kabuktutan.

¹⁰Alalahanin na naririnig ng mapanibughuing tainga ang lahat ng bagay; maging ang mga bulong ay hindi maililhim.

¹¹Kaya pag-ingatan ang mga walang kabuluhang paratang at pigilin ang dila sa kabulaanan, sapagkat papananagutin kayo sa nasabi nang palihim; ang dilang

bagamat nananatili ang Kanyang hiwaga ay malapit sa tao at mga pangyayari.

“Hindi ang Diyos ang sanhi ng kamatayan at hindi Niya kinalulugdan ang pagkawasak ng buhay.” Isang paglikhang mabuti at may silbi sa tao. Hindi galing sa Diyos ang kamatayan, gaya ng ipinaliliwanag sa 2:23 kundi mula sa *inggit ng demonyo*. Kayat inanyayahan tayong tumingin nang may pananalig sa Panginoon: Sa pag-iisip ng mabuti sa Kanya, pinabubulaanan natin ang lahat ng maling tanong na ito: Bakit pinapahintulutan ng Diyos ang kasamaan, kamatayan, mga lindol at mga kasawian? Walang nais ang Diyos kundi buhay.

• 16. *Pagkakataon lamang ang pagkakasilang sa atin.* Ang mga “di-maka-Diyos,” o ang mga tumakas sa batas ng Diyos at sa kanilang konsiyensiya, ay mga kaibigan ng kamatayan sapagkat hindi nila alam kung ano ang tunay na buhay. Para sa kanila, ang makinabang sa buhay ang karunungan: *halina at tamasahin natin ang magagandang bagay.*

sinungaling ay pumapatay sa kaluluwa. ¹²Huwag ninyong anyayahan ang sariling kamatayan sa lisyang pamumuhay at huwag ipahamak ang sarili sa gawa ng inyong mga kamay.

¹³Hindi ginawa ng Diyos ang kamatayan ni ikinalulugod ang kapahamakan ng alinmang may buhay. ¹⁴Nilikha nga niya ang lahat ng bagay, at pampalusog ang mga kinapal sa daigdig; wala silang mapanganib na lason at walang paghahari ang kamatayan sa lupa, ¹⁵sapagkat walang kamatayan sa katarungan.

Walang ibang buhay, sabi ng makasalanan

• ¹⁶Ang kamatayan ay inanyayahang parang isang kaibigan ng mga walang takot sa Diyos; sumasaya at tumatawag sila dito. Nakikipagtipan sila rito, kaya nararapat silang mapasakanya.

2 ¹Dala ng mali nilang pangangatwiran ang naiisip nila: “Maikli at malungkot ang buhay at walang lunas sa kamatayan. Wala pang napabalitang sinumang nagbalik buhat sa kabilang daigdig.

²Pagkakataon lamang ang pagkakasilang sa atin; pagkatapos na mabuhay, para nang hindi tayo isinilang. Buga lang ng usok ang ating hininga, at kislap na

“Tingnan natin kung tunay ang mga salita ng taong matuwid.” Sapagkat mga kaibigan ng kamatayan ang mga di-maka-Diyos, uusigin nga nila t papatayin pa ang mabubuti. Parang laro nilang sinusubok kung hanggang saan ang tatag ng mga matuwid sapagkat wala silang anumang pinaniniwalaan. Kailangan nilang puksain ang mga ito upang kumbinsihin ang kanilang mga sarili na sila lamang ang nakikina-bang sa buhay.

“Kung anak ng Diyos ang matuwid, ipagtatanggol siya ng Diyos.” Makikita sa mga salita sa 2:16-20 ang kalagayan ni Jesus sa krus. Gugunitain ito lalo ni Mateo sa 27:43.

Mapapatunayan din ito sa buhay ng tunay na nana-nampalataya na isang eskandalo para sa materyalista. Naliligayahan ito sa pagpapahirap sa mga nagsasakripisyo para sa kapwa. May nakita pa nga tayong mga “Kristiyanong” nasa maalwang kalagayan na natutuwa sa pagkamatay ng mga nangungusap ng katarungan at sa pag-aalay ng sarili, na sumusurot sa konsiyensiya ng mga kontento.

bunga ng pintig ng puso ang ating ka-isipan. ³Kapag namatay iyon, magiging abo ang katawan at mawawala ang kaluluwa tulad ng nagdaang hangin.

⁴Sa kalaunan, malilimutan ang ating pangalan, walang makatatanda sa ating ginawa. ⁵Papanaw ang ating buhay na tulad ng bakas ng ulap, maglalahong parang alapaap na hinabol ng araw at sinakmal ng init nito. Katulad ng nagdaraang anino ang taning ng buhay; hindi maipagpapaliban ang kamatayan, nakatakda na iyon, at walang makababalik buhat doon.

⁶Kaya, halina at tamasahin natin ang magagandang bagay; samantalahing gamitin natin ang sangnilikha sa buong kasiglahan ng ating kabataan. ⁷Magpasasa tayo sa mamahaling alak at pabango, huwag nating palampasin ang isa mang bulaklak ng tagsibol. ⁸Puputungan natin ang sarili ng mga bulaklak ng rosas bago mangalanta ito.

⁹Bawat isa'y makisali sa pagpapasasa; sa lahat ng dako'y mag-iwan tayo ng mga bakas ng ating kasayahan, dahil ito ang nauukol sa atin, ang kapalarang nakalaan para sa atin.

¹⁰Apihin natin ang matuwid na dukha at huwag kaawaan ang biyuda ni igalang ang may maputing buhok.

¹¹Maging ating karapatan ang lakas natin, sapagkat napatunayan nang walang silbi ang kahinaan. ¹²Mag-umang

tayo ng bitag sa taong matuwid sapagkat nakaaabala at nakahahadlang siya sa ating pamumuhay; namumula siya sa ating mga pagsuway sa batas at nagparatang na sala tayo sa ating napag-aralan.

¹³Pinaninindigan niyang nakikilala ang Diyos at tinatawag ang sarili na anak ng Panginoon. ¹⁴Naging balakid siya sa ating mga iniisip; maging ang makatagpo siya ay isang pabigat sa atin. ¹⁵Hindi siya namumuhay na tulad ng karaniwan at kakaiba ang kanyang ikinikilos.

¹⁶Tinuturingan niya tayong bastos at lumalayo siya sa atin na parang di tayo malinis. Ipinangangalandakan niyang masaya ang hantungan ng matuwid at ipinagyayabang na ama niya ang kanyang Diyos.

¹⁷Tingnan natin kung tunay ang kanyang mga salita at kung ano ang sasapitin niya. ¹⁸Kung anak ng Diyos ang matuwid, ipagtatanggol siya ng Diyos at ililigtas sa kanyang mga kalaban.

¹⁹Subukin natin siyang dustain at pahirapan para mapatunayan ang kanyang katatagan at masubok ang kanyang pagtitiis. ²⁰Kung hahatulan natin siya ng isang kahiya-hiyang kamatayan, masubok natin ang kanyang mga salita."

²¹Ito ang kanilang pangangatwiran, ngunit nagkakamali sila, binubulag ng kanilang kasamaan. ²²Hindi nila nalaman ang mga lihim ng Diyos, o inisip ang gan-

Ang pag-iisip ng mga walang-Diyos na hindi naniniwala sa kabilang buhay ang halos siya ring pag-iisip ng lipunang ating ginagalawan. "*Mag-umang tayo ng bitag sa taong matuwid; nakaaabala siya sa ating pamumuhay.*" Lihim na hinahangaan ng lahat ang taong matuwid, pero saan mang samahan siya mapunta, maging sa unyon o sa pabrika, nakaliligalig siya sapagkat hindi nabibili ang kanyang konsiyensya.

"*Hindi siya namumuhay na tulad ng karaniwan at kakaiba ang kanyang ikinikilos.*" Nang sinulat ito, masama ang pagtingin ng mga pagano sa mga Judio dahil sa mga detalye ng kanilang pamumuhay na kaiba sa mga kaugalian ng mga pagano. Pero ganito rin ngayon, dahil kahit na sinisikap ng nananampalataya

na di mamukod, nagiging "kakaiba" pa rin siya dahil sa kanyang pagkamatuwid at sigasig.

"*Nakakaranas ng kamatayan ang mga kaanib ng kamatayan.*" Nagsisimulang dumanas ng pagkamatay ang gumagawa ng masama. May batid na pagkasira ng katawan ang bisyo (paglalasing at kahalayan), pero mas malaki pa ang pagkasira ng kanyang sigla, kaligayahan, at pananalig. "Ang magpunla sa laman ay aani ng kabulukan at kamatayan mula rito" (Gal 6:8). Tingnan din ang Rom 6:21.

Ang mga sumasapi sa kanya: sumasanib sa manunukso. Isinasaalang-alang ng teksto ang gagawin ni Jesus, na sa likod ng tambak ng kasamaang sumisira sa sangkatauhan at sa likod ng ating di-pananalig ay naroon ang presensya ng "Kaaway" (tingnan ang Mt 13:39; Heb 2:14-15).

timpala sa kabanalan; hindi sila naniniwala na babayaran ang mga walang kasalanan.

²³ Nilikha nga ng Diyos ang tao upang mabuhay magpakailanman, ginawa siya ng Diyos sa larawan ng kanyang sariling di-nakikitang pag-iral. ²⁴ Ang inggit ng demonyo lamang ang nagdulot ng kamatayan sa daigdig at makararanas nito ang mga sumasakanya.

Ang matuwid ay mamumuhay na kapiling ng Diyos

3 • ¹ Nasa kamay ng Diyos ang kaluluwa ng mga makatarungan at hindi sila makararanas ng anumang pahirap.

² Patay sila sa paningin ng mga hangal, at itinuturing na isang kapahamakan ang kanilang pagpanaw. ³ Tila nga nawalan sila ng lahat sa pag-alis sa atin, ngunit nasa kapayapaan sila.

⁴ Aakalaing sila'y pinarusahan, ngunit ang kanilang pag-asa ay ang buhay na walang hanggan. ⁵ Mahalaga ang kanilang kinamtan pagkatapos ng kaunting pagtitiis, sapagkat sinubok sila ng Diyos at napatunayang karapat-dapat sa kanya; makaraang subukin silang tulad ng ginto sa apuyan, tinanggap sila ng Diyos na waring handog na sinunog.

• **3.1** *“Nasa kamay ng Diyos ang kaluluwa ng mga makatarungan.”* Ito ang mahalagang pahayag ng aklat na ito. Sa mga naunang aklat ng Biblia, walang ibang kahulugan ang *kaluluwa* kundi hininga ng tao, na ang ibig sabih’y ang buhay na nasa kanya na naglalaho sa kamatayan. Ngayon, ang kaluluwa ay nangangahulugang sarili mismo ng tao na hindi namamatay kahit na maagnas ang katawan.

“Itinuturing na isang kapahamakan ang kanilang pagpanaw.” Sa mga kamay ng mga marahas man mamatay ang makatarungan, o mamatay siyang gaya ng lahat, waring pinabubulaanan ng wakas ng kanyang buhay ang kabutihan ng Diyos: isa itong iskandalo na may magagawang kung ano ang kamatayan laban sa mga makatarungan. (Alam natin na ang mga makatarungan ang tumutupad sa mga inaasahan ng Diyos sa kanila.) Pero katawan lamang ang namamatay. Buhay sila sa harap ng Diyos, tulad ng sasabihin ni Jesus sa Kanyang panahon (Lucas 20:38).

“Ngunit nasa kapayapaan sila.” Tatamasahin nila magpakailanman ang inasahan nila sa lupa. Isang mukha lamang ng kamatayan ang nakikita natin: hindi

⁷ Pagdating ng paghuhukom magniningning silang parang ningas na gumagapang sa dayami. ⁸ Maghahari sila sa mga bansa at mamumuno sa mga bayan, at ang Panginoon ang kanilang magiging hari magpakailanman.

⁹ Makauunawa sa katotohanan ang mga nagtiwala sa kanya at ang mga tapat sa pag-ibig ay mamumuhay na kapiling niya. Sapagkat nakalaan para sa kanyang mga hinirang ang kanyang kagandahang-loob at habag.

¹⁰ Ngunit parurusahan naman ang mga walang takot sa Diyos ayon sa kanilang pagkakasala. Sapagkat di nila pinahala-gahan ang mga matuwid at tinalikuran ang Panginoon.

¹¹ Malungkot ang kasasapitan ng hindi nagpahalaga sa karunungan at aral, walang saysay ang kanilang pag-asa, walang kabuluhan ang kanilang pagsisikap, walang pakinabang ang kanilang gawa; ¹² mga hangal ang kanilang asawa, masama ang kanilang mga anak, at isinumpa ang kanilang lahi.

Isang buhay na nagbubunga

• ¹³ Mapalad ang babaeng walang anak kung di nadungisan sa pakikiapid; matutuklasan siyang mabunga sa araw ng paghuhukom.

natin kailanman malalaman kung paano naranasan ng sinuman ang kanyang pagyao, at lalong hindi ang paggising niya sa daigdig ng Diyos.

Mapapatunayan sa oras ng paghuhukom na tanging ang mga makatarungan lamang ang tunay na nabuhay. Kapayapaan ang malimit idinudulot ng kamatayan ng mga kaibigan ng Diyos sa mga malapit sa kanila. Sa pamamagitan ng kanilang kamatayan, malimit na naipagtatagumpay ng mga martir ang simulaing dahilan ng kanilang buhay.

• **13.** *“Mapalad ang babaeng walang anak kung di nadungisan ng pakikiapid.”* Laging pinupuri ng Biblia ang buhay na mabunga, ang pag-aasawang nagbubunga ng maraming anak at pagpapalaki sa kanila sa pagpapakatao (tingnan ang SIm 127-128). Dito inuulit ang katanungan: Ano ang buhay na mabunga? Sa Israel, itinuturing na parusa ng Diyos ang pagiging baog, at inihihwalay ng Batas ang mga eunuko (o mga kapon) sa pagsamba sa Diyos. Subalit, pinanindigan ng isang propeta ang taliwas na paniwala (tingnan ang Is 56:4).

¹⁴ At mapalad ang eunuko na hindi gumawa ng masama at hindi nagkimkim ng masamang kaisipan laban sa Panginoon. Sapagkat higit na gagantimpalaan ang kanyang katapatan sa isang tanging lugar sa banal na tahanan ng Panginoon.

¹⁵ Magsusupling ng mga piling bunga ang gawa ng mga matuwid; isang punungkahoy na di malalanta ang wastong pag-unawa.

¹⁶ Ngunit hindi nabubuhay nang matalagal ang mga isinilang sa pagkakasala, at naglalaho ang supling ng mga nagtalik na makasalanan.

¹⁷ Kung mahaba ang kanilang buhay, wala rin silang kabuluhan at hindi pagpipitaganan sa kanilang pagtanda. ¹⁸ Kung mamatay naman sila agad, wala rin silang pag-asa, at di nila maaaliw ang sarili sa paghintay sa paghuhukom.

¹⁹ Malupit ang kahihinatnan ng isang masamang lahi.

4 ¹ Mabuti pa ang walang anak ngunit walang dungis. Kinikilala ng Diyos at ng tao ang ganito at naaalaala sila magpakailanman.

² Ginagaya ang kabutihan kung nakikita natin; kung wala ito, hinahanap natin; napuputungan at napupuri ito sa buhay na walang hanggan dahil sa pagwawagi sa malilinis na laban.

“Mabuti pa ang walang anak ngunit walang dungis.” Dito nalalahad ang isa pang paraan ng pagkakaroon ng buhay na mabunga: ang paghahangad ng kaganapan. May kilala tayong mga mag-asawang walang anak at mga dalagang nag-ukol ng kanilang kakayahang magmahal at mag-alay ng sarili para sa kapwa, at nagawa nilang magkaroon ng tunay na angkan at pamilyang espirituwal. Ang buhay na ginugugol para sa kapwa o para sa Diyos ang siyang buhay na mabunga. Habang isinusulat ang mga linyang ito, maraming Judio noon ang pumunta sa disyerto para bumuo ng mga panrelihiyong pamilyan ng mga binatang may panatang di-mag-aasawa. Ginawa nila ito para manalangin at madaliin ang pagdating ng Tagapagligtas. Makalipas ang ilang taon, itatalaga naman ni Maria sa Diyos ang kanyang pagkadalaga. Kayat para sa mga Kristiyano siya ang huwaran ng buhay-dalaga’t binata na naka-talaga sa Diyos, na nagtataglay ng sarili nitong pagiging mabunga.

• 4.7 “Bakit siya kinuha ng Diyos? Napakabait

³ Walang kabuluhan ang makapal na lahi ng mga tampalasan. Di mapananaligang supling sila at di magkakaugat nang malalim; hinding-hindi sila matatag. ⁴ Sumanjali lamang silang mamumunga, ngunit yayanigin ng hangin ang mga sanga at madaling mabubunot sa unos. ⁵ Mapuputol ang kanilang mga sanga nang hindi pa man lumalago, mawawalang-halaga ang kanilang bunga, di hinog upang kainin at walang paggagamitan. ⁶ Sa pagkakasuri ng Diyos, pinatutunayan ng mga anak sa pakikiapid ang kasamaan ng kanilang mga magulang.

• ⁷ Nasa katahimikan naman ang matuwid, mamatay man siya nang maaga. ⁸ Ang marangal na katandaan ay wala sa haba ng mga araw; hindi tunay na nasusukat ang buhay sa bilang ng mga taon.

⁹ Ang uban ng tao ay pang-unawa; ang may hustong gulang ay ang buhay na walang dungis.

¹⁰ Naging kalugud-lugod sa Diyos ang matuwid; napamahal siya sa Diyos, at yayamang namuhay siya sa piling ng mga makasalanan, inilipat siya sa itaas. ¹¹ Kinuha siya ng Diyos bago mapasama ang kanyang isipan at malinlang ang kanyang kaluluwa. ¹² Sapagkat pinapanlalabo ng kasamaan ang tunay na kahalagahan, at pinasasama ng walang kasiyahang paghahangad ang pusong payak.

¹³ Ang kanyang panahon ay napuspos bagamat mabilis siyang naupos. ¹⁴ Ka-

naman ng asawa ko.” Mga salitang malimit marinig. Walang pagkamatay na makapipigil sa Diyos na ibigay ang lahat ng gusto niyang ibigay sa bawat isa. Binityaan ng Diyos ang ilan sa atin na mas mabilis na lumago at mamunga at marating sa iilang taon lamang ang kaganapang narating ng iba matapos ang maraming taon.

“Naging kalugud-lugod sa Diyos ang matuwid; napamahal siya sa Diyos.” Hindi atin ang asawa o anak na kinuha ng Diyos. Dahil sa di-mabilang na pangyayari at alaala, labis tayong nabuklod sa kanila sa pag-ibig, subalit mas malakas ang pag-ibig na nabuklod sa kanila sa Panginoon na naglaan sa kanila para sa Kanyang Sarili.

“Yayamang namuhay siya sa piling ng mga makasalanan, inilipat siya sa itaas.” (Tingnan ang Gen 5:24.) Isa pa itong kasagutan para sa maagang pagkamatay ng mga anak. Sino’ng nakaalam sa maaari nilang gawin sa kanilang buhay? Alam ng Diyos ang pinakamainam na bagay sa bawat isa.

lugud-lugod nga ang kanyang kaluluwa sa Panginoon, kaya madali siyang inilayo sa mga tampalasang nakapaligid sa kanya.

¹⁵ Nakita ng mga tao ngunit hindi nauunawaan; di maubos isipin ang kagandahang-loob at habag ng Diyos para sa kanyang mga hinirang at ang kanyang pangangalaga sa mga banal.

¹⁶ Hinahatulan ng makatarungang namatay ang tampalasang nabubuhay. Hinahatulan ng buhay-kabataang maagang nagkaroon ng kaganapan ang walang katapusang araw ng tampalasan.

¹⁷ Nakikita nila ang pagkamatay ng

marunong, ngunit hindi nila nauunawaan ang plano ng Panginoon para sa kanya at kung bakit siya iniligtas. ¹⁸ Nakikita nila at hinahamak, ngunit pagtatawanan sila ng Panginoon ¹⁹ kapag sila'y naging bangkay na walang kabuluhan, isang patay na kinamumuhian magpakailanman.

Dudurugin silang walang-imik ng Panginoon, yayanigin sa kanilang pundasyon; ganap na wawasakin at maging ang alaala nila'y maglalaho.

²⁰ Darating silang nanginginig sa pagtutuos ng kanilang mga kasalanan at manghihilakbot kapag ipinamukha ang kanilang kabuktutan.

Paghatol sa matuwid at sa walang-diyos

5

- ¹ Matatag naman ang makatarungan na haharap sa mga nagpahirap sa kanya at nagpawalang-saysay sa kanyang mga trabaho
- ² Pagkakita sa kanya, sila'y masisindak magugulat sa kanyang di-inaasahang pagkaligtas.
- ³ Buong pagsisisi at pagkaligalig na tatangis sila at sasabihin:

⁴ “Siya ang minsan nating pinagtawanan ang ating hinamak – gaano tayo kaulol.

Akala nati'y kabaliwan ang kanyang buhay at matinding kahihyan ang kanyang kamatayan.
⁵ At ngayon nabibilang siya sa mga anak ng Diyos at tagapagmanang kasama ng mga banal na anghel!

• **5.1** Maraming beses na nangusap ang mga propeta ng tungkol sa Paghuhukom ng Diyos. Ganito nila humigit-kumulang nakita ang mga bagay:

Tinutukoy nila ang paghatol sa lupa, na dito'y dapat gantihan ng Diyos ang mga makasalanang bansa at grupo, at ituwid ang kasaysayang pantao.

Ngunit tinutukoy ng talatang ito ngayon ang paghatol sa bawat isa pagkamatay. Iginigit nito ang kaso ng mga martir: kailangang sabihin na sa panahong ito, sariwa pa ang alaala ng mga mananampalatayang inusig dahil sa kanilang pananampalataya sa panahon ng mga Macabeo. Pero huwag nating kalimutan na kung tayo'y puwedeng panabay na maging Kristiyano at panatag, sa maraming bansa, ang ating mga kapatid ay naghahirap at kalimita'y namamatay bilang mga biktima ng pag-usig na halos di binabanggit sa midya.

Tayo pala ang lumihis sa landas ng katotohanan!

Sa araw na 'yon, hindi na natin isusuot ang maskarang suot ng lahat sa lupa na nagtatago ng ating

pagkukunwari at kasamaan. Makikitang hubad ang ating mga kaluluwa, at gagantimpalaan tayo o parurusahan ng Diyos Amang Panginoon at nakaaalam ng lahat. Saka makikitang mabuti ng mga masama na walang saysay pala ang kanilang buhay: “*kasisilang pa lamang, nawawala na tayo.*” Bago sila hatulan ng Diyos, sila na mismo ang naghuhukom sa kanilang mga sarili: “*susumbatan sila ng sarili nilang mga kasalanan*” (4:20).

Sa kabilang dako, “*buhay kailanman ang mga matuwid; ang kataas-taasan ang kanilang tagapagalaga.*” Maihahambing ito sa talinhaga ng paghuhukom sa Mateo 25:31. Kaya lamang, pinag-iiba ni Jesus ang mga umaasikaso sa kanilang mga kapatid at ang mga hindi, samantalang dito'y ang mga umuusig at ang mga inuusig ang siyang pinag-iiba. Magtatagpong muli silang lahat, pagkatapos ng panahong magtagumpay ang mga masama sa mga makatarungan.

- ⁶Tayo pala ang lumihis sa landas ng katotohanan!
Hindi tayo natanglawan ng liwanag ng katwiran,
ni hindi sumikat sa atin ang araw.
- ⁷Naglimayon tayo sa mga daan ng kasamaan at kapahamakan,
sa di-maraanang mga ilang,
ngunit hindi natin nakilala ang landas ng Panginoon.
- ⁸Ano ang napala natin sa ating kapalaluan?
Ano ang pakinabang sa kayamanang ipinagmalaki natin?
- ⁹Naglahong parang anino ang lahat ng iyon,
tulad ng lumilipas na tinig.
- ¹⁰Tulad ng isang bapor na naglalakbay sa dagat,
walang iniwang bakas sa paglalayag,
ni makikitang tanda ng paglampas;
- ¹¹tulad ng isang ibong lumilipad sa kalawakan,
walang naiiwang bakas sa kanyang paglipad;
ang magaan hangin ay hinihiwa ng kanyang mga pakpak,
nabubuksan ang daan sa lakas ng kanyang kampag,
ngunit walang naiiwang tanda ng kanyang pinagdaanan;
- ¹²o tulad ng isang palasong itinudla:
matapos mahati at maghilom ang papawirin,
walang nakaalam ng tinaluntong landasin.
- ¹³Ganyan din tayo: kasisilang pa lamang ay nawawala na –
walang tanda ng kabutihan sa buhay nating naaksaya.
- ¹⁴Hihipan ng hangin ang pag-asa ng walang takot sa Diyos,
tulad ng magaan hamog na natunaw sa unos,
tulad ng usok na itinaboy ng hangin,
tulad ng naglahong alaala ng panandaliang panauhin.
- ¹⁵Ngunit buhay kailanman ang mga matuwid
nasa Panginoon ang kanilang gantimpala
pagkat ang Kataas-taasan ang kanilang tagapag-alaga.
- ¹⁶Kaya tatanggapin nila ang kaharian ng kaluwalhatian
at ang maringal na diyadema mula sa kamay ng Panginoon.
Lulukuban sila ng kanyang kamay
at ipagtatanggol ng kanyang bisig.
- ¹⁷Sasandatahan siya ng pag-ibig ng Diyos,
gagamitin ang sangkinapal laban sa kaaway,
- ¹⁸babalutian ng kanyang katarungan,
pananggalang ng ulo'y tumpak na paghatol;
- ¹⁹kalasag niya'y ang kabanalang di-malupig;
²⁰tabak niya'y ang di-mapayapang poot;
at kasama niya sa paglusob sa mga hangal ang sansinukob.

²¹Nakatitiyak ang tudla ng mga kidlat; mag-
sisilbing busog ng mga palaso ang alapaap.

²²Ulanin sila ng mga bato ng kanyang poot,
pagngangalitan ng karagatan at aanurin ng
bumabahang mga ilog.

²³Babayuhin sila ng malakas na hangin at
tatangaying parang dayami. Pupuksain ng ka-
buktutan ang buong daigdig at ibubulid ng
masamang gawain ang mga trono ng mala-
lakas.

**WALANG TUNAY NA KARUNUNGAN KUNG WALANG
PAMPANANAMPALATAYANG KATOTOHANAN**

6 • ¹Dinggin, O mga hari, at unawain; mga namumuno sa malayong lupain, magsipag-ingat kayo. ²Makinig kayong nagsisipag-hari sa malalaking bayan at nagsisipagmalaki dahil sa makapal na nasasakupan.

³Ibinigay sa inyo ng Panginoon ang kapangyarihan; galing sa Kataas-taasan ang inyong paghahari, kaya susuriin niya ang inyong mga gawa at sisiyasatin ang inyong mga panukala.

⁴Mga pinuno kayo ng kanyang kaharian; kung hindi kayo hahatol nang makatarungan at susunod sa kanyang kautusan o tatahak sa landas na itinuro sa inyo, ⁵hahadlangan niya kayo nang mabilis at kakila-kilabot. Mas magbigat ang kanyang parusa sa mga makapangyarihan.

⁶Maaaring kahabagan at patawarin ang aba, ngunit mahigpit na parurusahan ang malakas. ⁷Sapagkat walang itinatangi ang Panginoon ng lahat; ni hindi niya isinasaalang-alang ang kadakilaan. Kapwa niya nilalang ang dakila at ang aba; minamasdan niya ang lahat, ⁸ngunit mahigpit nga ang hatol para sa makapangyarihan.

⁹Kaya, kayong mga hari, sa inyo ako nagsasalita: matuto kayo ng karunungan at huwag magpakatisod. ¹⁰Kikilalaning banal ang mga tumutupad nang buong kabanalan sa mga banal na kautusan, at ang nangatuto ay ipagtatanggol nito. ¹¹Pakanaisin ninyo ang aking mga salita at matututo kayo.

¹²Maningning at di kumukupas ang Karunungan; kusang nagpapakita siya sa mga nagmamahal sa kanya, at natatagpuan ng mga naghahanap sa kanya. ¹³Nauuna pa siyang sumalubong sa mga naghahangad sa kanya. ¹⁴Hanapin mo siya sa umaga at hindi ka mabibigo; matatagpuan mo siyang nakaupo sa iyong pinto.

¹⁵Ganap na katalinuhan ang pagdidilidili sa katarungan; may ganap na kapayapaan para sa naghihintay sa kanya. ¹⁶Hinahanap niya ang mga karapat-dapat sa kanya, sinasalubong sa daan, at nananahan siya sa kanilang kaisipan.

• **6.1** Dito nagsisimula ang “pahayag sa mga hari tungkol sa karunungan.” Tulad ng nabanggit sa Introduksyon sa *Eclesiastes*, karaniwan nang ipinapalagay noon na si Solomon ang sumulat ng mga aklat ng Karunungan. Mapapatunayan din ito sa aklat na ito: nagpapanggap ang sumulat na siya si Solomon at inilalagay niya sa mga labi ni Solomon ang mga salita tungkol sa karunungan.

¹⁷Ang simula ng Karunungan ay ang matapat na pagnanasang matuto. Nagmamahal sa kanya ang naghahangad na matuto; ¹⁸at kung mahal mo siya, tutupad ka sa kanyang mga batas; ¹⁹kung tumutupad ka sa kanyang mga batas, tiyak na di ka magdaranas ng pagkabulok at ang di-pagkabulok ang maglalapit sa iyo sa Diyos.

²⁰Sa ganitong paraan tayo magiging hari sa paghahangad ng Karunungan.

²¹Kaya, mga puno na nasisiyahan sa trono at kapangyarihan, pahalagahan ninyo ang karunungan kung nais ninyong maghari magpakailanman. ²²Sasabihin ko sa inyo kung ano ang karunungan at kung saan siya nagbuhat. Wala akong ililihim sa inyo. Tataluntunin ko ang kanyang pinagmulan at nang buong linaw na makilala ninyo siya.

²³Hindi ko kayo ililigaw, ni itatago ko ang katotohanan, pagkat wala sa akin ang panibugho na kasalungat ng karunungan. ²⁴Maililigtas ang daigdig sa pagdami ng marurunong; mapatatatag ang bayan pag may haring marunong. ²⁵Kaya matuto kayo sa aking mga sinasabi at makikinabang kayo.

7 ¹Ako’y taong may kamatayan, na tulad ng iba, supling ng unang nilalang na mula sa alabok. Nahubog sa sinapupunan ng aking ina ang laman ko; ²nagkaanyo ako sa kanyang dugo sa loob ng sampung buwan mula sa binhi ng tao.

³Pagkasilang, nilanghap ko ang karaniwang hangin; nahulog ako sa lupa, na di iba sa lahat; ang unang sigaw ko ay tulad ng iyak ng lahat ng sanggol. ⁴Inaruga ako, inalagaan at binalot ng lampin; ⁵tunay, walang haring naiiba ang pinagmulang buhay. ⁶Sapagkat iisa lamang ang daang patungo sa buhay para sa lahat, at iisa rin ang daang palabas dito.

Nanalangin ako at binigyang-karunungan

• ⁷Sa gayon ako nanalangin at ipinagkaloob sa akin ang pang-unawa; tumawag ako at dumating sa akin ang diwa ng Karunungan. ⁸Pina-

7. Ang buong pahinang ito ay paanyaya na hanapin ang Karunungan gaya ng paghanap ng mapapangasawa: natatandaan natin na sa panahong ito, “nakikipag-isang-dibdib” ang mga hari sa gayon at ganitong diyos at nang sa gayon ay maangkin nila, sa ngalan ng kanilang asawa, ang kayamanan ng templo nito (2 Mac 1:14). Walang pagkakaiba ang paghanap sa Karunungan ng Diyos at ang pakikipag-isa kay

halagahan ko siya nang higit pa sa trono at kapangyarihan, hinding-hindi ko ipinantay sa kanya ang kayamanan.

⁹Pinili ko siya nang higit kaysa alinmang mamahaling hiyas sapagkat para lamang butil ng buhangin sa harap niya ang ginto at parang putik ang pilak. ¹⁰Minahal ko siya nang higit sa kalusugan at kagandahan at mas itinangi kaysa liwanag sapagkat ang kanyang luningning ay walang pagkupas.

¹¹Kasama niyang dumating sa akin ang lahat ng mabubuting bagay at masaganang kayamanan nasa kanyang mga kamay. ¹²Ikinagalak ko ang lahat ng inihatid ng Karunungan, bagamat di ko nalalamang siya pala ang pinanggalingan ng mga ito.

¹³Malayang ibinabahagi ko ang natutuhan ko nang walang pag-iimbot; hindi ko hangad itago ang kanyang kahalagahan; ¹⁴sapagkat siya'y kayamananang di-lumilipas. Nagiging mga kaibigan ng Diyos ang nag-aangkin sa kanya; bunga ng kanyang disiplina ang pagkalapit sa Diyos.

¹⁵Ipagkaloob nawa ng Diyos na makapagsalita ako nang nararapat ayon sa mga kaloob na tinanggap ko, sapagkat siya ang patnubay ng Karunungan at tagapag-akay ng marurunong. ¹⁶Nasa kamay ng Diyos tayo at ang ating mga salita, ang ating pang-unawa at teknikal na kaalaman.

Kristo: hindi natin dapat kalimutan na siya ang dinilikhang Karunungan. Hindi pinag-uusapan dito ang anumang sentimental: ito'y ang magastos at walang-katapusang paghahanap sa kanya na siyang Katotohanan.

"Pinili ko siya nang higit kaysa alinmang mamahaling hiyas." Tingnan ang Mateo 13:44-45.

• 21. Para rin sa tekstong ito ang sinasabi sa Kas 8:22. Sa Diyos galing ang Karunungan: pareho ang Karunungang nagbibigay ng kaayusan sa sanlibutan at ang presensya ng Diyos sa atin – ang kanyang presensya na laging sa pamamagitan ng kanyang Anak.

"Walang maruming makapapasok sa kanya." Sa paglalarawang ito, binibigyan tayo ng pag-asang mapapabuti ang lahat. Sapagkat "banal at dalisay" ang karunungan ng Diyos, tumatagos ito sa lahat, pati sa may-dungis at di-ganap, tumatanglaw sa ating mapurol at limitadong diwa. Natutuhan ng mga Judio ng panahong iyon sa Batas na dapat silang manatiling "malinis" at lumayo sa lahat ng "di-malinis". Kapag nagkatabi ang dalawang tao, halimbawa, nahahawhan ng di-malinis ang kanyang kapwa (tingnan ang Lev 11:1 at Ageo 2:11). Dito, ang karunungan ng Diyos ang lumulupig sa anumang karimlan at kamangmangan (tingnan ang Ef 5:13). Walang likas na masama: masama ito kung maaari sana itong maging

¹⁷Siya ang nagbigay sa akin ng kaalaman sa mga tamang bagay, ng pagkaunawa sa kaayusan ng daigdig at mga lakas ng kalikasan, ¹⁸sa simula, at wakas at mga panahong nakapagitan, sa mga pagbabago sa takbo ng araw at pagpapalit ng panahon, ¹⁹sa pag-ikot ng mga taon at sa kalagayan ng mga bituin, ²⁰sa iba't ibang kalikasan ng mga buhay at ugali ng mababangis na hayop, sa lakas ng hangin, sa pangangatwiran ng tao, sa mga uri ng halaman at nakalulunas na mga sangkap ng mga ugat.

Repleksyon ng walang-hanggang liwanag

• ²¹Natutuhan ko ang lahat na nakikita at natatago, ²²sapagkat tinuruan ako ng Karunungan, ang tekniko ng lahat.

Taglay niya ang isang diwang matalino, banal, iisa, kakaiba, maraming uri, mapino, mabilis, lagusan, di-marungis at maliwanag, maibigin sa mabuti at matalim. ²³Walang makahahadlang; mapagbigay, mapagmahal sa tao, matatag, tiyak, payapa bagamat malakas. Nakikita ang lahat at pumapasok sa mga kaluluwa, maging sila man ay marunong, malinis at pino.

²⁴Nahihiguan ng Karunungan ang lahat

mas mabuti, at mabuti ito kung wala nang magagawa pang kongkretong paraan para gawing mas mabuti ito.

"Walang nakalulupig sa karunungan." Nagdadala ng liwanag sa mismong mga lugar na pinagharian ng karimlan ang Kristiyanong nakaugat sa salita ng Diyos. Kailangan siyang naroon at kumilos kung saan pinagpapasyahan ang mga problema ng kanyang bansa, ng kanyang trabaho at ng kanyang pang-araw-araw na buhay na hindi natatakot makisangkot. Liwanag at katarungan ang lulupig at babago sa anyo ng mundo.

Sinasabi sa 2:24 na pinasama ng demonyo ang sangnilikha sa pagpasok ng kamatayan. Isinasabay ngayon ng Karunungan ng Diyos ang mga pinsalang gawa ng kamatayan. *"Galing siya sa malinis na kaluwalhatian ng makapangyarihan."* Para sa mga Hebreo, ang "kaluwalhatian" ay isang bagay na "mabigat," pilit at hindi dalisay. Sa lenggwage ng mga Griyego, and "kaluwalhatian" ay maningning: ang ningning ng Diyos sa sanlibutan, at higit pa rito, "sa mukha ni Kristo" (2 cor 4:6). Si Kristo ang Karunungan, "ang Larawan ng di-nakikitang Diyos, ang ningning ng Kanyang luwalhati," ayon sa sinasabi ni Pablo sa Col 1:15, Heb 1:3 at ni Juan na tumatawag kay Kristo ng "Salita" o kaya'y "Ang Ekspresyon" ng Diyos (tingnan ang Jn 1:1). Tingnan din ang Introduksyon sa Efeso.

ng gumagalaw at dahil sa walang-halo siya, nakalaganap at nakapasok sa lahat ng bagay.

²⁵Siya'y hininga ng kapangyarihan ng Diyos, galing sa malinis na kaluwalhatian ng Makapangyarihan; kaya walang maruming makapapasok sa kanya. ²⁶Siya ang ningning ng liwanag na walang hanggan, ang walang bahid na salamin ng lakas ng Diyos at larawan ng kabutihan nito.

²⁷Bagamat nag-iisa, nagagawa ng Karunungan ang lahat ng bagay, at binabago ang lahat samantalang nananatili siya sa sarili. Pinapasok niya ang mga banal na kaluluwa at ginagawa silang mga propeta at kaibigan ng Diyos, ²⁸sapagkat iniibig ng Diyos ang nananahan sa Karunungan.

²⁹Mas maganda siya kaysa araw at nakahihigit sa lahat ng tala sa langit. Nahihigtan din niya ang liwanag, ³⁰sapagkat nagbibigay-daan sa gabi ang liwanag ngunit walang nakalulupig sa Karunungan.

8 ¹Abot sa dalawang dulo ng daigdig ang lakas ng Karunungan, at maayos niyang pinamamahalaan ang lahat ng bagay.

²Minahal ko siya at hinanap sapul pa sa aking pagkabata; sinikap ko siyang makamtan bilang nobya at nahalina ako ng kanyang kagandahan.

³Siguradong maharlika siya na kasama ng Diyos at minamahal ng Panginoon ng lahat. ⁴Sumasakanya ang hiwagang pagkaalam sa Diyos.

⁵Hinahangad talaga ang yaman sa buhay, ngunit ano ang mas mahalagang yaman kaysa kanya na gumagawa ng lahat ng bagay? ⁶Kung mabisa ang pang-unawa, lalong malaki ang panlahat na bisa ng Karunungan. ⁷Kung minamahal mo ang Katarungan, alam mo na lahat ng kabutihan ay bunga ng kanyang pagsisikap. Itinuturo niya ang pagtitimpi, hinahon, katarungan, tibay ng loob: wala nang higit pang pakikinabangan ng tao sa buhay.

Kung hinahangad mo ang karanasan, nalalaman niya ang dumating na at nahuhulaan ang darating. ⁸May sining ang kanyang pangungusap at may sagot sa mga palaisipan; nahu-

hulaan niya ang mga tanda at mga kababalahang, ang kahihinatnan ng panahon at mga dantaon.

⁹Kaya nga ipinasya kong kasamahin siya sa aking buhay; alam kong ipapayo niya sa akin ang mabuti at aaliwin ako sa kalungkutan at pagdurusa.

¹⁰Naisip ko: "Dahil sa kanya'y magiging dakila ako sa mga bansa, at kahit bata pa'y magiging mahalaga sa piling ng matatanda. ¹¹Makikita nila ang kahusayan ko sa paghatol, at hanangaan ako ng malalakas.

¹²Kung tahimik ako, maghihintay sila sa aking salita; kung mahaba ang aking sasabihin, tututupin nila ang kanilang bibig.

¹³Matatamo ko ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan niya at mag-iwan ako ng di-kumukupas na alaala sa mga susunod sa akin.

¹⁴Pamumunuan ko ang mga bayan at masakop ko ang mga bansa. ¹⁵Matatakot ang mga pinuno sa oras na marinig ang pangalan ko. Ngunit sa bayan ko, makikilala akong mabait, at sa labanan, matapang.

¹⁶Pag-uwi ko sa aking tahanan, magpapahinga akong kapiling niya, sapagkat walang kapighatian sa pamumuhay at walang daing kasama niya, kundi kagalakan at kaligayahan."

¹⁷Ito ang iniisip-isip ko. At sinabi ko: "Nata-tamo ang kawalang-kamatayan sa pakikisama sa Karunungan; ¹⁸natatamo rin ang tunay na kaligayahan sa pagiging kaibigan niya, at walang pagkaubos ng kayamanan sa mga ginagawa niya. Kaya magiging marunong ako sa pakikitungo sa kanya at makikilala sa pakikipag-usap sa kanya." Kaya ipinasya kong hanapin at mapasaakin siya.

¹⁹Maging sa pagkabata mabait ako ²⁰at may mabuting kaluluwa.

²¹Ngunit naniniwala akong hindi ko matatamo ang Karunungan kung hindi siya ipagkakaloob ng Diyos – isang tanda ng pagkaunawa ang malaman kung sino ang nagkakaloob nito. Kaya dumulog ako sa Panginoon at buong puso nagsumamo:

Ipagkaloob mo sa akin ang iyong karunungan

9 ¹"Diyos ng aking mga ninuno at mahabaging Panginoon, ikaw ang lumikha ng lahat ng bagay sa pamamagi-

• **9.1** Ang kailangang kundisyon upang makamantan ang karunungan ay ang pagkakaroon ng pusong simple at mapagpakumbaba. Sa mga sumasang-ayong

makipagtulungan sa Diyos, ibinibigay Niya ang pagkamatuwid, pagkamaingat, pati na ang kapangyarihang mamuno sa bayan ng Diyos. Tinawag sina

tan ng iyong salita, ² sa iyong karunungan hinubog ang tao upang maghari sa sangnilikha, ³ mamahala sa daigdig nang buong kabanalan at katarungan, maggawad ng katarungan nang buong katapatan.

⁴ Bigyan mo ako ng Karunungan na nakaluklok sa tabi ng iyong trono at huwag mo akong tanggihang mabilang sa iyong mga anak.

⁵ Sapagkat alipin mo ako na anak ng iyong katulong na babae, isang taong mahina, may maikling buhay at kaunting pagkaunawa sa katarungan at mga batas.

⁶ Walang halaga ang pinakamabuti man sa mga tao kung hindi siya tatanggap ng Karunungang mula sa iyo.

⁷ Pinili mo akong maging hari ng iyong bayan, maging hukom ng iyong mga anak na lalaki't babae.

⁸ Iniutos mo sa aking magtayo ng isang templo sa iyong banal na bundok at isang dambana sa lunsod na iyong tirahan, kawangis ng banal na toldang inihanda mo buhat pa sa simula.

⁹ Nasa iyo ang Karunungan na nakaaalam ng iyong mga gawa, sapagkat kaharap siya nang lalangin mo ang daigdig at nalalaman niya kung ano ang kalugudlugod sa iyong mga mata at kung ano ang naaayon sa iyong mga utos.

¹⁰ Isugo mo siya mula sa mga banal na kalangitan, ipadala buhat sa iyong banal

na trono upang gumawang kasama ko at nang malaman ko kung ano ang kasiyansiya sa iyo.

¹¹ Sapagkat batid niya at nauunawaan ang lahat ng bagay; aalalayan niya ako nang buong hinahon sa lahat ng aking gawain at iingatan ako ng kanyang kapangyarihan.

¹² Sa gayo'y kalulugdan mo ang aking mga gawa, mapamamahalaan ko ang iyong bayan sa katarungan at magiging karapat-dapat ako sa trono ng aking ama.

¹³ Sino nga ang makakaalam ng kalooban ng Diyos? Sino ang makatatarok sa kagustuhan ng Panginoon?

¹⁴ Sapagkat kapos ang kaisipan ng tao, mali ang aming mga panukala; ¹⁵ pasanin ng kaluluwa ang nabubulok na katawan at pabigat sa isip na maraming pinagkakaabalahan.

¹⁶ Halos wala tayong nalalaman sa mga panlupang bagay at mahirap unawain ang abot-kamay lamang. Sino, kung gayon, ang makakabatid ng mga nasa langit?

¹⁷ Sino ang makakaalam ng iyong kalooban maliban kung bibigyan mo siya ng Karunungan at ipadadala ang iyong banal na espiritu sa kanya? ¹⁸ Sa ganitong paraan itinutuwid mo ang landas ng mga tao; natututuhan nila ang kasiyansiya sa iyo at naililigtas sila ng Karunungan.

GUMAGAWA SA KASAYSAYAN ANG KARUNUNGAN NG DIYOS

10 • ¹ Karunungan ang nag-ingat sa ama ng daigdig, ang taong mag-isang nilalang. ² Karunungan ang humango sa tao sa pagkakasala at nagbigay sa kanya ng lakas na mamahala sa lahat.

³ Nang lumayo sa Karunungan ang taong di-matuwid, namatay siya dahil sa

poot sa kanyang kapatid. ⁴ Dahil sa dimakatarungang tao, lumubog sa baha ang lupa, ngunit iniligtas ito ng Karunungan nang patnubayan niya ang isang matuwid na taong lulan ng isang marupok na kahoy.

⁵ Nang magulo ang mga bansa sa

Abraham, Moises, Maria para gumawa ng mga dakilang bagay.

Tinutukoy ng panalangin ito ang pangyayaring isinasalaysay sa 1 Hari 3:6: ang panaginip kung saan humingi si Solomon ng karunungan sa Diyos.

• **10.1** Kumikilos ang Karunungan ng Diyos sa kasaysayan ng mundo. Kapag may pangyayaring nagaganap, hindi natin karaniwang tinatantya ang buong kahalagahan nito. Ang kasaysayan ang siyang magbibigay-halaga rito. Sa pagsulong ng kasaysayan

pagkakaisa sa kasamaan, nakatagpo ang Karunungan ng matuwid na tao at napatili niyang walang kapintasan sa harap ng Diyos. Hindi man lamang siya nalupig ng pagmamahal niya sa kanyang anak.

⁶ Siya ang nagligtas sa matuwid sa pagkalipol ng mga tampalasan at pinatakas niya ito mula sa bumabagsak na apoy sa Limang Lunsod. ⁷ Saksi ng kanilang kasamaan hangga ngayon ang tuyong lupang napuno ng usok at ang mga di-nahihinog na mga bunga nito. Saksi rin ang isang nakatayong haliging-asin na bantayog ng isang babaing walang pananampalataya.

⁸ Dahil sa hindi nila pinaubayaan ang Karunungan, nawala sa kanila ang pagkaalam nang mabuti at naiwan ang mga alaala ng kanilang kahangalan upang di malimutan ang kanilang kabiguan.

⁹ Ngunit iniligtas ng Karunungan ang mga nagsipaglingkod sa kanya mula sa kapahamakan. ¹⁰ Sa tiyak na landas niya inakay ang matuwid na tumakas sa poot ng isang kapatid na lalaki. Ipinakita sa kanya ang kaharian ng Diyos at ipinakilala siya sa mga banal na anghel; pinasagana siya at pinalago ang kanyang pamumuhay. ¹¹ Ipinagtanggol siya ng Karunungan laban sa kasakiman ng mga maniniil, at pinayaman.

¹² Ipinagsanggalang siya sa mga kaaway at iniligtas sa mga bitag na ini-umang sa kanya; pinapagtagumpay siya ng Karunungan sa mahigpit na pakikihamok upang makilala niya na walang

ng isang bayan tulad halimbawa ng Israel, makikita natin na may plano na ang Diyos na unti-unting nagkakatotoo bagamat malaya ang mga tao at malayo sa Kanya. Nagkakasama-sama ang kasalanan, kaparusahan, pagsisisi at kapatawaran sa pagkakatotoo ng plano ng Diyos.

"Pinasagana siya at pinalago ang kanyang pamumuhay." Tinutukoy dito si Jacob. Tinuruan sila ng Karunungan ng Diyos ng mga gawang magbubunga at magtatagal: ipinakita niya sa kanila kung saan naroon ang libu-libong paraan ng pag-aaksaya ng panahon. Tinuruan niya sila na mabuhay sa kasalukuyan at madiskubre sa sandaling ito ang mga paraan at mga kaligayahang gustong ibigay sa kanila ng Diyos. Oo

mas malakas pa kaysa maging malapit sa Diyos.

¹³ Hindi niya pinabayaan ang matuwid nang ito'y ipagbili; iniligtas rin niya sa pagkakasala. ¹⁴ Sinamahan niya ito sa balon; hindi niya nilayuan sa pagkakagapos; sa halip ibinigay pa niya ang pamamahala sa kaharian at ipinailalim sa kanya ang kanyang mga maniniil. Ibinunyag ng Karunungan na mga sinungaling ang mga nagparatang sa kanya ng mali at pinatanyag nga siya magpakailanman.

¹⁵ Siya rin ang humango sa banal na bayan mula sa isang bansang mapang-alipin.

¹⁶ Pumasok siya sa kaluluwa ng lingkod ng Diyos upang makipaglaban ito sa mababagsik na hari sa tulong ng mga tanda at kababalaghan.

¹⁷ Ibinigay niya sa banal na bayan ang bayad sa kanilang pagpapagal, inakay sila sa kahanga-hangang landas, at binigyan ng lilim sa araw at tanglaw ng mga bituin sa gabi.

¹⁸ Pinatawid niya sila sa Dagat na Pula, nilunod niya ang kanilang mga kaaway ¹⁹ at ipinaanod patungong pampang buhat sa pusod ng kalaliman.

²⁰ Sinamsaman ng makatarungan ang mga tampalasan. Nag-aawitan sila ng mga himno, Panginoon, sa iyong banal na pangalan, at buong pusong nagsipagpuri sa iyong mapagligtas na kamay. ²¹ Binuksan ng Karunungan ang bibig ng mga pipi at pinapagsalita ang mga sanggol.

11 • ¹ Pinapagtagumpay sila ng Karunungan sa pamamagitan ng isang banal na

nga't maraming beses na hindi nila nakita ang nasa kabila pa ng dulo ng landas na dapat nilang tahakin nang araw na iyon at parang walang silbi ang araw-araw nilang pakikibaka sa sarili nilang kasinungalingan. Pero sa simula pa'y inihanda na ng Karunungan ang kanilang buhay, at maiintidihan din nila balang araw kung paano ibinubuklod ang kanilang mga trabaho sa trabaho ng napakaraming mga kapatid para maitayo ang Siyudad ng Kinabukasan.

Si Cain ang tinutukoy sa bersikulo 3, si Noe sa b. 4, si Abraham sa b. 5, si Lot sa b. 6, si Jacob sa b. 10, si Jose sa b. 13, at si Moises sa b. 16.

• **11.1** Nahahayag ang pag-ibig ng Diyos sa Kan-

propeta; ² nilakbay nila ang di natitirhang ilang at nagtayo sila ng tolda sa mga lugar na walang-landas.

³ Hinarap nila't itinaboy ang kanilang mga kaaway. ⁴ Nang mauhaw, tumawag sila sa iyo at binigyan mo sila ng tubig mula sa matigas na bato; mula sa matarik na dalisdis ay pinawi ang kanilang uhaw.

⁵ Pinakinabangan nila sa kanilang pangangailangan ang mismong mga bagay na naging parusa sa kanilang mga kaaway.

⁶ Ang ilog ay naging isang walang patid na agos ng tubig na narumhan ng dugo – ⁷ isang parusa sa kautusang pagpatay sa mga sanggol. Sa halip, di inaasahan ay binigyan mo ang iyong bayan ng saganang tubig. ⁸ Sa pagkauhaw mo ipinamalas sa kanila kung paano mo pinarurusahan ang kanilang mga kaaway. ⁹ Kaparurusahan nga ang pagsubok ng iyong bayan ngunit may awa. Sa gayon, ipinakilala mo naman sa kanila kung gaano kalupit na hinatulan at pinarusahan ang mga tampalasan.

¹⁰ Sila'y sinubok mo bilang isang ama habang sinusuri mo ang kanilang mga kaaway na tulad ng isang mahigpit na hari. ¹¹ Nagdusa ang mga ito nang pinarusahan, at nagdusa pa rin pagkatapos. ¹² Nag-ibayo ang kanilang kalungkutan at paghihinagpis nang magunita nila ang nakaraan. ¹³ Nakita nga nila na pakikinabangan ng iba ang ginawang pagpaparusa sa kanila, kaya nakilala nila ang Panginoon.

¹⁴ Noong una, itinaon at hinamak nila si Moses; ngunit ngayon hinangaan siya nang mauhaw sila ngunit hindi ang matuwid na bayan ni Moses.

¹⁵ Talagang naligaw silang dala ng mga lisyang at makasalanang isip nila at sumamba sa mga ahas at nakasusuklam na mga hayop. Dahil dito, pinadalhan mo sila ng kawan ng mga kauring hayop ¹⁶ upang malaman nila na pinarusahan ang tao ng dinala niya sa kasalanan.

¹⁷ Naging madali sa iyong makapangyari-

hang kamay na lumikha sa daigdig mula sa walang anyong bagay, ang pagpapadala ng mga oso at mababangis na leon, ¹⁸ o kaya'y ng mga bagong lalang na halimaw, di kilala at mababangis, na humihinga ng apoy o maugong na nagbubuga ng usok o nagpapalabas ng kidlat mula sa kanilang mga mata. ¹⁹ Makakapuksa sa kanila ang mga ito at ikamamatay nila sa takot.

Ang pagtutuwid ng Diyos sa mga anak niya

• ²⁰ Wala man ang mga ito, maaari silang mamatay sa isang hininga kapag inusig ng iyong katarungan o sumambulat sa hininga ng iyong kapangyarihan; ngunit itinalaga mo ang lahat ayon sa sukat, bilang at bigat.

²¹ Naipakikita mo ang iyong kapangyarihan anumang oras, at sino ang makahahadlang sa lakas ng iyong bisig? ²² Sapagkat parang butil sa timbangan ang buong sinukob na nasa harap mo; tulad ng isang patak ng hamog sa umaga na nahulog sa lupa.

²³ Dahil sa makapangyarihan ka, mahabagin ka sa lahat; di mo pinapansin ang mga kasalanan ng mga tao upang sila ay makapagsisi. ²⁴ Mahal mo ang lahat ng umiiral at walang nilikhang kinamumuhian mo; kung mayroon, hindi mo iyon lilikhain.

²⁵ Paano magtatagal ang isang bagay kung di mo kalooban? At paano makapananatili kung hindi mo tinawag? Maawain ka sa lahat sapagkat sa iyo ang lahat, O Panginoon na mangingibig ng buhay.

yang bayan sa pangyayaring ang mga puwersa na mismo ng kalikasan ang tumulong para parusahan ang mga Ehipsiyo at ilitas ang mga Hebreo. Ipinakikita ito sa pitong halimbawa: mga hayop; mga balang at mga ahas, graniso at mana, dilim at liwanag, ang mga panganay, ang dagat (16-19).

Pinalaki nang labis ang mga ito at tiyak na hindi naman ang bahaging ito ng aklat ang tumitiim sa ating puso.

“Ang mga bagay na nagsilbing parusa sa mga kaaway nila ang nakatulong sa kanila sa kanilang kagipitan.” Puwede itong maging leksyon para sa mga puwersang nagpapalakad sa daigdig ngayon. Ang organisasyon, bilis, teknolohiya, agham, paninindigan sa sariling mga paa: kasangkapan ang lahat ng ito sa

pagpapalaya sa tao kung gagamiting may karunungan. Subalit bumubuwelta ang mga ito laban sa tao kapag nagtatayo sila ng daigdig na di-inasasalang-alang ang layuning hangad ng Diyos para dito.

• 20. *“Itinalaga mo ang lahat ayon sa sukat, bilang at bigat.”* Dahil sa lubos ang kapangyarihan ng Diyos, hindi ito pagpapakita ng karahasan; hindi kailanman nagkukulang sa kagandahan, pagkakatugma, at kabutihan ang anumang galing sa Diyos.

Isang mahabang pagtalakay sa ibang paksa sa bahaging 11:5-15:19. Pinag-iiba nito ang pamamaraan ng Diyos na kaibigan at guro ng tao at ang kahangalan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan.”

12 ¹Sumasalihat nga ang walang kamatayan mong espiritu.

²Kaya unti-unti mong itinutuwid ang mga nagkakasala, pinaaalalahanan sila, binabalaan sa kanilang pagkakaligaw upang layuan nila ang kasamaan at magtiwala sa iyo, Panginoon.

³Nangyari ito sa mga unang nanirahan sa iyong banal na lupain. ⁴Kinamuhian mo sila dahil sa kasuklam-suklam nilang gawain, sa kanilang pangkukulam at maling pagsamba. ⁵Kinagawian nila ang walangawang pagpatay ng sanggol; ang pagkain ng sariwang laman at dugo sa mga handaan – pati bituka ng tao – habang ginagampanan nila ang mga lihim na seremonya.

⁶Sapagkat pinatay ng mga magulang ang kanilang mga anak na walang malay, niloob mong lipulin sila ng aming mga ninuno, ⁷at ang lupang itinangi mo ay naging karapat-dapat na tahanan ng mga anak ng Diyos.

⁸Ngunit maging sa mga nagkasala ay nagdalang-habag ka, sapagkat sila’y mga tao rin. Nagpadala ka ng mga pukyutan na una sa iyong hukbo upang puksain silang unti-unti.

⁹Magagawa mong ipalupig ang mga tampalasan sa mga makatarungan o biglang puksain sila sa pamamagitan ng mababangis na hayop o ng isang di-mapigilang salot, ¹⁰ngunit sa unti-unti mong pagpaparusa sa kanila, binigyan mo sila ng pagkakataong makapagsisi. Gayunman ay di lingid sa iyo na masamang lahi silang may katutubong kabuktutan at di-nabagong pag-uugali. ¹¹Isang lahi nga silang isinumpa sapul pa sa simula.

Gayunman, hindi dahil sa takot kaninuman kaya mo binalam ang pagpaparusa sa kanila. ¹²Sapagkat sino ang makapagsasabi sa iyo: “Ano ang ginawa mo?” Sino ang makatututol sa iyong kapasyahan? Sino ang manunumbat sa paglipol mo sa mga bansang iyong itinatag? Sino ang haharap laban sa iyo para ipagtanggol ang makasalanang?

¹³Walang ibang Diyos liban sa iyo na nanganalaga sa lahat at dapat mong pangatwiranan tungkol sa iyong mga kapasalahan. ¹⁴Walang sinumang hari o namumuno na haharap sa iyo nang dahil sa iyong mga pinarusahan.

¹⁵Makatarungan ka, at makatarungan ding pangasiwaan mo ang lahat. Hindi mo itinuturing na karapat-dapat sa iyong kapangyarihan ang parusahan ang hindi nagkakasala.

¹⁶Sa iyong lakas nagmumula ang iyong katarungan, at sapagkat ikaw ang Panginoon ng lahat, mapatatawad mo ang lahat.

¹⁷Ipinamamalas mo ang iyong lakas sa mga nag-aalinlangan sa iyong ganap na kapangyarihan at sinasansala mo ang kapangahasan ng mga ayaw kumilala rito. ¹⁸Ngunit ikaw, Panginoong Makapangyarihan, humahatol ka nang matimpi at pinamamahalaan mo kami nang maingat, dahil sa nagagawa mo ang lahat kailanma’t iyong naisin.

¹⁹Sa ganitong paraan itinuro mo sa iyong bayan na ang makatarungan ay dapat maging maawain sa kanilang kapwa; binigyan mo rin ng pag-asa ang iyong bayan sa pagkaloob sa kanila ng pagkakataong makapagsisi sa kanilang mga pagkakasala.

²⁰Naging maingat ka at mahinahon sa pagpaparusa sa mga kaaway ng iyong bayan; bagamat dapat silang mamatay, binigyan mo pa rin ng panahon at pagkakataong maitakwil ang kanilang kabuktutan. ²¹Ngunit mas maingat pa na pinarusahan mo ang iyong bayan, ikaw na nakipagtipan sa ating mga ninuno at nagbigay sa kanila ng pinakamainam na mga pangako.

²²Pinarusahan mo man kami, higit na magbigat ang parusang ipinataw mo sa aming mga kaaway, upang maalala namin ang iyong kabutihan kung kami ang hahatol at umasa kami sa iyong habag kung kami naman ang hatulan.

²³Pinahirapan mo ang mga namuhay nang buong kahalayan sa pamamagitan ng kanilang kasuklam-suklam na imahen. ²⁴Naligaw sila ng landas hanggang sa ituring nilang mga diyos ang kasuklam-suklam na mga hayop at bayaang malinlang ang kanilang sarili na tulad ng mga bata. ²⁵At bilang mga batang walang bait sila’y pinarusahan mo upang hiyain.

²⁶Ngunit kung hindi sila natuto sa mga ganitong pagtutuwid, saka nila daranasin ang parusang karapat-dapat ibigay ng Diyos. ²⁷Namuhin nga sila sa mga hayop na itinuring nilang mga diyos at kinasangkapan ngayon sa pagpaparusa sa kanila. Pagkaraan ay tunay nilang kinilala ang Diyos na ayaw nilang kilanlin noong una. Kaya nga pinasapit mo sa kanila ang pinakamatinding parusa.

Laban sa sumasamba sa mga imahen

13 • ¹Ang likas na kadahupan ng tao ay nahahayag sa kanilang kawalan ng muwang sa Diyos, na hindi nila

• **13.1** Binabale-wala ng materyalista ang Diyos. Naniniwala ang palalo na magagawa niya ang lahat sa pamamagitan ng sariling lakas. Ginagamit niyang pa-

rang kanya ang mga bagay, at hindi binibigyan ng mas malalim na kahulugan ni itinuturing na mga regalong galing sa Diyos.

nakilala sa kabila ng mabubuting bagay na kanilang naranasan. Naakit sila ng kanyang mga gawa, ngunit hindi nila nakilala ang may gawa.

²Sa halip, ang apoy, hangin, unos, lawak ng mga bituin, rumaragasang tubig at mga tanglaw sa langit ang nakilala nilang mga diyos na namumuno sa daigdig.

³Kung kinilala nilang diyos ang mga ito dahil sa taglay na kagandahan, dapat nilang malamang higit na dakila ang Panginoon. ⁴At kung humanga man sila sa kapangyarihan at lakas ng mga ito, dapat nilang malaman na higit na malakas ang lumalang sa lahat. ⁵Dahil sa kamaharlikaan at kagandahan ng mga kinapal, hinihinuha natin na ang Lumikha sa kanila ay lalong dakila at kahanga-hanga.

⁶Hindi sila dapat sisihin nang lubos; marahil ay naligaw sila nang hinahanap nila ang Diyos at hinangad na matagpuan siya. ⁷Nang pag-aralan nila ang mga gawa niya, sila'y nalinlang sa tingin dahil sa maganda ang mga nakita nila.

⁸Gayunman, mapipintasan din sila, ⁹sapagkat kung nagawa nilang pag-aralan ang sansinukob, bakit hindi nila agad nasumpungan ang Makapangyarihan sa lahat nito?

¹⁰Kahabag-habag ang mga taong nagtuturing na diyos ang mga ginawa ng tao! Kasumpa-sumpa ang kanilang pananalig sa mga bagay na walang buhay, mga likhang ginto at pilak, mga larawan ng mga hayop at sampu ng mga walang halagang batong inukit noong unang panahon!

¹¹Halimbawa – pumutol ang manggagawa ng isang punungkahoy na madaling ibuwal, tinuklap niya ang balat at ang kahoy ay ginawang kagamitang kailangan sa pang-araw-araw.

¹²Ang mga tatal ay ginamit niyang panggatong sa pagluluto ng pagkaing makabubusog sa kanya. ¹³Pagkaraan, pinulot niya ang isang naiwang piraso na walang paggagamitan, baluktot at puno ng mga buko, at sa kanyang pamamahinga ay hinubog niyang kahugis ng tao o ng isang hamak na hayop. Kinulayan niya ito, pinintahan ng pula, tinakpan ang mga dungis.

¹⁵Iginawa niya ito ng isang angkop na altar na nakapakong sa dingding.

Nakikita ng simple at mapagpakumbaba ang kamay ng Diyos sa likod ng lahat ng bagay. Ipinaaalaala sa kanya ng tubig, hangin, mga bundok ang Siyang-Lubos-At-Ganap na lumikha sa mga ito; lalo na ng mga kayamanang na-

¹⁶Pinag-ingatan niyang huwag mahulog ito pagkat alam niyang hindi nito mapangangalagaan ang sarili. Isang larawan lamang ito na nangangailangan ng tulong.

¹⁷Gayunman, hindi siya nahihiyang ipagdasal sa di-sumasagot na bagay ang kanyang asawa, anak at ari-arian. Humihiling siya ng kalusugan sa isang walang dugo; ¹⁸sumasamo siya ng buhay sa isang walang-hininga, ng tulong sa isang walang karanasan, ng mapalad na paglalakbay sa isang hindi makalakad, ¹⁹ng tubo at tagumpay sa gawain sa isang kamay na walang kakayahan.

14 ¹Isa pa, halimbawa'y may maglalakbay at tatawid sa maalong karagatan – mananawagan siya sa isang kahoy na higit pang marupok kaysa bapor na kanyang lululanan.

²Nayari nga ang bapor upang pagkakitaan at ayon sa karunungan ng tekniko. ³Ngunit ang iyong kalinga, Ama, ang papatnubay rito; ikaw ang naghanda ng isang landas sa ibabaw ng dagat at isang maginhawang paglalayag sa ibabaw ng mga alon. ⁴Sa ganito napagkikilala namin na maililigtas mo kami sa anumang panganiib at kahit ang walang karanasan ay mapaglalayag.

⁵Ibig mo na huwag manatiling walang ginawa ang mga likha ng iyong karunungan, kaya ipinagkakatiwala nila ang kanilang buhay sa isang pirasong kahoy at ligtas na tumatawid sa dagat na lulan ng isang balsa.

⁶Noong unang panahon, nang mapuksa ang mayayabang na higante, nakaligtas ang pagasa ng daigdig na lulan ng isang balsa; inakay ito ng iyong kamay at nag-iwan sa daigdig ng binhi ng isang bagong lahi. ⁷Pagpalain ang kahoy na ginamit sa pagliligtas!

⁸Ngunit isinumpa ang ginawang diyus-diyusang kasama ng gumawa dito; dahil ginawa ito na tinawag na diyos ngunit nabubulok naman.

⁹Kapwa kasuklam-suklam sa Diyos ang tampalasan at ang kanyang kabuktutan. ¹⁰Kaya parurusahan ang ginawa kasama ng gumawa.

¹¹Maging sa mga diyos ng mga bansa ay sasapit ang paghuhukom sapagkat pinakakasuklam-suklam sila sa tanang kinapal. Isang bitag sila sa kaluluwa ng mga tao at sinisilo nila ang mga paa ng hangal.

¹²Simula ng kahalayan ang pagkakalikha sa

tutuklasan niya sa kanyang mga mahal sa buhay. Ginawa ang talino ng tao upang madiskubre ang Diyos na pumupuno sa lahat at siyang wakas ng lahat. Katulad na katulad ito ng sasabihin ni Pablo sa Rom 1:19.

mga diyus-diyusan; kabulukan ng buhay ang pag-imbento sa mga ito. ¹³Wala pa sa simula ang mga ito, at hindi mananatili kailanman. ¹⁴Ngunit dahil sa kapalaluan ng tao ay sumipot sa daigdig ang mga diyus-diyusan at nagtakda naman ang Diyos ng panahon para sa mga ito.

¹⁵Minsan, isang amang sakbibi ng dalamhati sa maagang pagkamatay ng anak ang gumawa ng isang larawang kawangis nito. Mula noon, sinamba niya ang larawang tulad ng isang diyos, at itinuro pa niya sa kanyang sambahayan ang mga lihim na seremonya sa pagsamba. ¹⁶Nang lumaon, kinaugalian na ang ganitong tiwaling pagsamba hanggang sa ipatupad ang batas.

¹⁷Sa utos na rin ng mga hari sinamba ang mga larawan. Hindi makapag-ukol ng paggalang sa kanilang harapan ang mga taong naninirahan sa malalayong lugar, kaya ginawa ang mga larawang kawangis ng haring nais nilang parangalan.

¹⁸Dahil sa ambisyon ng manlililok, dumami ang mga taong sumasamba sa di nakikilalang hari. ¹⁹Sa paghahangad niyang mabigyang-kasiyahan ang bagong panginooon, gumawa siya ng larawan na maganda pa sa tinularan, ²⁰kaya nabihag ng kagandahan ng sining na ito ang mga tao at sumamba sila sa dating pinarangalan lamang.

²¹Sa ganito naging isang bitag ang larawan para sa mga buhay. Dahil sa mga naalipin ng kasawian o ng mga pinuno, iniukol ang dimabibigkas na pangalan sa mga kahoy at bato.

²²Ngunit hindi pa naging sapat sa kanila ang magkamali sa pagkaalam sa Diyos; sa isang malaking kaguluhan ipinadala sila ng ganitong kamangmangan, at tinawag pa nilang kapayapaan ang masamang pangyayaring iyon.

²³Nagsasakripisyo nga sila ng mga sanggol sa pagdiriwang nila, kasabay ng mga lingid na kahiwagaan at nakaririmarim na kalaswaan. ²⁴Hindi na rin malinis ang kanilang pamumuhay at buhay-may-asawa; sapagkat pataksil nilang pinatay ang kapwa o pinapagdusa siya sa paki-kiapid.

²⁵Kahit saan sumabay-sabay ang dugo, patayan, panlilinlang at nakawan; katiwalian, kaktaksilan, panggugulo, labag na pagsumpa; sa kabi-kabila'y ang paninikil sa mabubuting tao, di pagtanaw ng utang na loob, karumihan ng asal at kahalayang labas sa kalikasan; laganap na kaguluhan sa pag-aasawa; pangangalunya, mahalay na pamumuhay.

²⁷Tunay na puno at dahilan at dulo ng lahat ng kasamaan ang pagsamba sa mga diyos na walang silbi.

²⁸Nasisiyahan sila sa panghihibang at pang-

huhula nang walang katotohanan at pamumuhay sa kasamaan at paglabag sa pangako. ²⁹Dahil sa walang buhay ang mga diyos na pinaniniwalaan nila, hindi sila natatakot maparusahan. ³⁰Ngunit dalawang kaparusahan ang naghihintay sa kanila: sa paniniwala sa mga walang buhay na diyos at sa maling panunumpa na labis na humahamak sa kabanalan. ³¹Bagama't walang kapangyarihan ang mga diyus-diyusan na kanilang pinanumpa, maggagawad ng parusa ang katarungang laging tumutugis sa mga makasalanan.

15 ¹Ngunit ikaw, aming Diyos, ay mabait at tapat; matiyaga at maawaing pinamamahalaan mo ang lahat. ²Kung magkasala man kami, sa iyo pa rin kami at kinikilala namin ang iyong kapangyarihan; ngunit dahil sa nalalaman naming kami ay sa iyo, hindi kami magkakasala.

³Ganap na katarungan ang makilala ka, at ugat ng walang kawalang-kamatayan ang kilanlin ang iyong kapangyarihan.

⁴Kaya hindi kami nailigaw ng magdarayang likha ng tao – ang walang kabuluhang gawa ng mga pintor, ang mga diyus-diyusang pinintahan ng iba't ibang kulay. ⁵Pinupukaw nila ang pagnanasa ng mga hangal, na pagkakita sa kanila ay sumasamba sa walang buhay na mukha ng patay na imahen.

⁶Naghahangad talaga ng sariling kasawian ang mga gumagawa o sumu-sunod at sumasamba sa mga ito; at karapatdapat sila sa kanilang maling pag-asa.

⁷Matiyagang nagmamasa ng malambot na luwad ang magpapalayok. Hinuhubog niya ang bawat bagay na ating kailangan, at mula sa iisang luwad din gumagawa siya ng mga lalagyan – ng pagkain o ng basura man. Ano ang paggagamitan ng bawat isa? Ang magpapalayok ang nagpapasiya. ⁸Mula sa iisang luwad niya hinuhubog ang isang walang kabuluhang diyos: kasumpa-sumpang gawa ng taong nilikha ring mula sa alabok at di magtatagal ay babalik sa alabok sa sandaling bawian ng kanyang buhay.

⁹Hindi siya nag-aalaala sa maagang kamatayan, walang alalahanin sa maikling taning ng buhay. Sa halip, nakikipagpaligsahan pa siya sa mga magpipilak at maggiginto, at tulad ng panday ay nakadarama pa siya ng pagmamalaki sa paggawa ng huwad na diyos.

¹⁰Abo ang kanyang puso; masahol pa sa alabok ang kanyang pag-asa; katumbas ng putik ang kanyang buhay! ¹¹Dahil sa hindi niya kinilala ang Lumikha na nagkaloob sa kanya ng

isang may bisang kaluluwa, ng isang buhay na espiritu.¹² Ang tingin niya sa buhay ay isang laro lamang o isang negosyo, sapagkat aniya: “Dapat samantalain at tamasahin ng tao ang buhay, sa mabuti o masamang paraan man.”

¹³Higit sa sinuman, alam niyang nagkaka-sala siya sa paggawa ng lalagyan at ng diyus-diyusan buhat sa iisang uri ng putik.

¹⁴Ngunit napakahangal at mas kawawa pa kaysa isang isip-sanggol ang mga kaaway na nagmalupit sa iyong bayan.¹⁵ Inari nilang mga diyos ang lahat ng imahen ng mga bansa – mga diyus-diyusang may matang di makakita, may ilong na di humihinga, may taingang di makarinig, may daliring di makadama, may paang di makalakad. Sapagkat mga gawa lamang ng tao ang ganitong diyus-diyusan at hiram na hininga ng tao ang gumawa sa kanila.

¹⁶Hindi kayang gawin ng tao ang isa man lamang diyos na nakakawangis niya.¹⁷ Isang patay na diyos ang kaya lamang gawin ng makasalanang kamay. Mas maigi pa siya kaysa mga bagay na kanyang sinasamba, dahil nabubuhay siya, ngunit ang mga iyon ay hindi nabuhay kailanman.

¹⁸Sumasamba sila sa mga pinakakarumaldumal na hayop, sa higit na pinakawalang-muwang na kung ihahambing sa ibang hayop ay walang angking kagandahan.¹⁹ Ang mga pangit na nilalang na ito ay pinagkaitan ng pagpapala ng Diyos at ni hindi karapat-dapat na magpuri sa kanya.

Magkaiba ang trato ng Diyos sa kanyang bayan at mga Ehipsiyo

16 ¹Dahil diyon, tumanggap ang mga taong ito ng angkop na kaparusahan sa pamamagitan ng mga magkakauring hayop at kawan ng namumuksang insekto.² Ngunit sa halip na bigyan ng gayunding parusa, ang iyong bayan ay kinaawaan mo: binigyan ng mga pugo – isang masarap na pagkain para sa kanila.

³Sa kabila ng matindi nilang kagutuman, hindi makakain ang mga Ehipsiyo dahil sa nakita nilang nakapandiring mga hayop na ipinadala sa kanila. Ngunit ang mga Israelita, makaraang sumandaling pagkaitan, ay pinadalhan mo ng pinakamasarap na pagkain.

⁴Kailangang ang kanilang mga maniniil ay magdanas ng matinding pagdarahop, at makita naman ng iyong bayan kung paano pinahirapan ang kanilang mga kaaway.⁵ Kaya nang mara-

nasan nila ang bagsik ng mababangis na hali-maw at ang tuklaw ng makamandag na ahas, di nagtagal ang iyong poot.

⁶Isang babala lamang ang pansamantala nilang paghihirap; kaagad mo silang binigyan ng tanda ng kaligtasan upang maalaala nila ang mga itinatadhana ng iyong Batas.⁷ Sapagkat ang sinumang bumaling dito ay naligtas, hindi dahil sa nakitang imahen, kundi dahil sa iyo, Panginoon, ang Tagapagligtas ng lahat.

⁸Sa gayon mo itinuro sa aming mga kaaway na ikaw ang nagligtas sa amin sa lahat ng kasamaan.⁹ Sapagkat nangamatay sila sa di malunasang kagat ng mga insekto at langaw, yamang kailangang parusahan sila sa gayong paraan.¹⁰ Samantala, di nagapi ang mga anak mo kahit ng kagat ng makamandag na ahas sapagkat sinakloloan sila at pinagaling ng iyong awa.

¹¹Ang madaling paggaling nila sa kagat ng ahas ay tagapagpagunita upang hindi nila makalimutang lubusan ang iyong mga kautusan at di makaligtaan ang iyong kabutihan.

¹²Ang nagpagaling sa kanila ay hindi damo o anumang pantapal kundi ang iyong salita, Panginoon, na siyang nagpapagaling sa lahat.

¹³Ikaw ang may kapangyarihan sa buhay at kamatayan; ikaw ang naghahatid hanggang sa pintuan ng kabilang daigdig at muling naglalabas doon.¹⁴ Maaaring pumatay ang tao dahil sa kanyang kasamaan, ngunit hindi siya maaaring bumuhay ng patay o magligtas ng kaluluwang inagaw ng kamatayan.¹⁵ Walang makatatakas sa iyong kamay.

¹⁶Hinampas mo ang mga tampalasang ayaw kumilala sa iyo, hinagupit ng walang patid na ulan, graniso, malalakas na bagyo at tinupok ng apoy.

¹⁷Ngunit ito ang lubhang kagila-gilalas: lalong naglalagablab ang apoy sa gitna ng tubig, sapagkat ipinagsanggalang ng sangkalikasan ang mga matuwid.

¹⁸Paminsan-minsan, pinahihina ang apoy upang di masunog ang mga insektong ipinadala sa mga tampalasan at matalos naman nila na inuusig sila ng parusa ng Diyos.

¹⁹Kung minsan naman, lalo pang sa tubig nagliliyab ang apoy upang tupukin ang mga ani ng makasalanang lupain.

• ²⁰Sa kabilang dako, dinulutan mo ang iyong bayan ng pagkain ng mga anghel at

• **16.20.** Labis na pagpapalaki sa pangyayari tungkol sa manna na ibinigay ng Diyos sa mga Hebreo sa disyerto! Halos hindi tayo nabababag ng ganitong

pananalita, ngunit ang paraang ito ng pagtingin ng mga Judio sa mga bagay-bagay ay paghahanda sa sasabihin ni Jesus sa Juan 6.

pinagkalooban mula sa langit ng tinapay na di na kailangang iluto, nakasisiya sa panlasa ng lahat at taglay ang lahat ng linamnam. ²¹ Ipina-kita sa pamamagitan ng pagkaing ito ang pagmamahal mo sa iyong mga anak ²² nang masiyahan ang lahat sa tinapay na iyon na naaayon sa panlasa ng bawat isa.

Di madadaig ng apoy ni natutunaw iyon na waring niyebe at yelo; kaya nalaman nila kung paano tinupok ng apoy ang mga ani ng kanilang kaaway sa gitna ng graniso habang sumisiklab ang kidlat sa gitna ng ulan. ²³ Nilimot ng apoy ang sariling kalikasan upang mailigtas ang pagkain ng mga matuwid.

²⁴ Nasasakop mo ang sangkalikasan dahil ikaw ang lumalang, kaya nagsisikap ito upang parusahan ang mga tampalasan at naging mamo naman sa ikabubuti ng mga nananalig sa iyo.

²⁵ At nag-angkin rin ito ng lahat ng anyo bilang paglilingkod sa iyong kagandahang-loob na nangangalaga sa lahat, ayon sa iba't ibang kawalan ng mga anak mo. ²⁶ Sa gayon, natutuhan ng mga minamahal mo na hindi ang mga uri ng tanim ang nagpapakain sa tao kundi ang iyong salita na nagpapatibay sa mga nananalig sa iyo.

²⁷ Kaya nga, biglang natunaw sa init lamang ng araw ang pagkaing iyong hindi matupok ng apoy, ²⁸ upang mabigyan kami ng aral na kailangan naming bumangon bago sumikat ang araw upang magpasalamat sa iyo at manalangin sa pagbubukanliwayway. ²⁹ Natutunaw ngang parang namuong hamog sa taglamig ang pag-asa ng walang-utang na loob at umaagos na tulad ng tubig na walang silbi.

17 ¹ Dakila at mahirap ipaliwanag ang iyong mga layunin! Naligaw ang di naturuan niyon.

² Sa akala ng masama ay nasakop nila ang banal na bansa, ngunit sila ang bihag ng mahabang gabi, nakakulong sa kanilang sariling silong na malayo sa iyong walang hanggang kalinga.

³ Bagamat inakala nilang patuloy na nakatago ang kanilang mga kasalanan sa lambong ng pagkalimot, watak-watak sila at binabagabag at tinatakot ng mga guniguni. ⁴ Hindi sila maipagsanggalang sa takot ng kanilang kublisan; nakaririnig sila ng mga ingay na nakapangngingilabot at nakakakita ng mga pangitaing nakatatakot at nakapanlulumo. ⁵ Walang apoy na magbigay sa kanila ng liwanag, walang bituing tumanglaw sa malagim na karimlan.

⁶ Wala kundi nakasisindak na kidlat, na nang

huminto na'y naisip nilang wala nang hihigit pang kakila-kilabot kaysa roon.

⁷ Walang magawa ang salamangka at naging kahiya-hiya ang ipinagyayabang na kaalaman; ⁸ nagdanas ng katawa-tawang pagkasindak ang mga nagyayabang na nakapag-aalis ng pagkatakot at pagkabahala ng may sakit sa isip.

⁹ Bagamat walang dapat katakutan, nasindak sila sa pagdagsa ng mga insekto at huni ng mga ahas; dahil sa takot namatay silang tumatangging tingnan ang hanging di-maiiwasan ng sinuman. ¹⁰ Duwag nga ang kabuktutan at humahatol sa sarili; inaakala nito ang masahol dahil sa pag-uusig ito ng konsiyensya. Sapagkat ang pagkatakot ay walang iba kundi ang pagtanggap sa tulong ng katwiran. ¹² At dahil wala ang tulong na ito, waring mas malaki ang pagdurusang di malaman ang dahilan.

¹³ Ganyan din nilukob sila sa pagtulog ng gabing itong nanggaling sa walang kakayahang daigdig ng mga patay at iniwan silang walang kakayahan. ¹⁴ At hinabol sila ng kakila-kilabot na mga pangitain at pinapanlupaypay ng bigla at di-inaasahang pagkasindak. ¹⁵ Ang sinumang nabuwal doon ay mananatiling nakakulong sa bilangguan di gawa sa bakal.

¹⁶ Maging magsasaka o pastol o manggagawa ay nararapat na sumuko sa di-maiiwasang kapalaran: ¹⁷ sapagkat nagapos ang lahat ng iisang tanikala ng karimlan. Kinatakutan nila ang lahat; mapaswit na hangin o mataginting na huni ng mga ibon sa mayabong na mga sanga, ang patuloy na lagaslas ng umaagos na tubig ¹⁸ o malakas na ingay ng gumuguhong bato, ang mabilis, di-nakikitang hagibis ng mga hayop o ang nakahihindik na ungal ng mababangis na halimaw, ang alingawngaw mula sa mga bundok – ang lahat ng ito ay gawa ng pagkatakot.

¹⁹ Nagniningning naman ang buong daigdig sa nakasisilaw na liwanag at malayang nagpatuloy sa iba't ibang paggawa, ²⁰ sila lamang ang balot ng kadiliman ng gabi, ang larawan ng dilim na sa kanila sumasapit. Ngunit mas magbigat kaysa kadiliman sila para sa kanilang sarili.

18 ¹ Malakas naman noon ang liwanag para sa iyong mga banal. Narinig ng mga Ehipsiyo ang kanilang tinig ngunit di sila nakita; itinuring silang mapapalad pagkat di sila naghirap; ² pinasalamatan sila dahil sa di nila pagganti sa pagmamalupit sa kanila, at hiningi ang kapatawaran sa masamang pakikitungo sa kanila.

³ Sa halip ng karimlang yaon, ipinagkaloob mo sa iyong bayan ang isang haliging apoy

bilang patnubay sa walang katiyakang paglalakbay, at bilang malamlam na araw para sa kanilang maluwalhating pandarayuhan. ⁴Narapat lamang na pagkaitan ng liwanag at makulong sa kadiliman ang mga kaaway; inalipin nila ang iyong mga anak na makapagbibigay sa daigdig ng di-namamatay na liwanag.

⁵Nagpasiya silang patayin ang mga sanggol ng iyong banal na bayan – at ang isa sa mga batang itinapon ay naligtas. Bilang pagganti mo, nalipol ang karamihan sa kanilang mga anak, at nasawi rin silang lahat sa nag-aalimpuyong baha.

⁶Nang una pa, ang gabing iyon ay naihayag na sa aming mga ninuno upang magalak sila sa pagkatupad ng pangakong kanilang pinanalingan.

⁷Hinintay ng iyong bayan ang kaligtasan ng mga matuwid at ang kapahamakan ng mga kaaway, ⁸at sa pagpaparusa sa aming mga kaaway, pinarangalan mo kaming tinawag mo.

⁹Lihim na nagsakripisyo ang mga anak ng banal na angkan at sumang-ayon pa ito sa banal na tipan na magsama-sama sila sa hirap at ginhawa. At noon din ay inawit nila ang himno ng kanilang mga ninuno.

¹⁰Ngunit umugong ang magulong sigaw ng kanilang mga kaaway: ang malungkot na pangangisan dahil sa nasawing mga anak.

¹¹Magkatulad na ang hatol para sa alipin at sa panginoon; iisa ang paghihirap ng karaniwang tao at ng hari. ¹²Sama-sama nilang tinangisan ang di-mabilang na nasawi na iisa ang naging dahilan ng kamatayan. Hindi kayang ilibing ng mga buhay ang nangamatay, sapagkat biglang nalagas ang pili ng kanilang lahi.

¹³Bagamat hindi sila naniniwala dahil sa kanilang pangkukulam, kinilala naman nilang anak ng Diyos ang iyong bayan nang mamatay na ang kanilang mga panganay.

¹⁴Samantalang payapa at tahimik ang lahat at hatinggabi na, ¹⁵nanaog ang makapangyarihan mong salita buhat sa iyong maharlikang trono sa langit – gaya ng mabalasik na mandirigma sa lupang wawasakin. ¹⁶Taglay ang iyong mabagsik na utos na tulad ng isang matalim na tabak, ikinalat niya ang kamatayan sa sansinukob mula sa langit hangang sa lupa.

¹⁷Di kaginsa-ginsa, ginimbal sila ng nakatatok na panaginip at pangitain at pinagharian sila ng biglang takot. ¹⁸Sa kabi-kabila ay may nalulugmok na naghihingalo, na nagpapahiwatig kung bakit sila namamatay, ¹⁹sapagkat nagbabala sa kanila ang mga pangitaing lumiligalig sa kanila upang malaman nila ang dahilan ng kanilang kasawian bago sila mamatay.

²⁰Totoong ang mga matuwid man ay nagdanas din ng kamatayan nang parusahan sa ilang, ngunit di nagtagal ang galit ng Diyos. ²¹Ipinagtanggol sila agad ng isang taong walang sala. Ginamit niya ang mga sandata ng kanyang banal na katungkulan – ang panalangin at kamanyang ng pagsisisi – hinarap niya ang Poot ng Diyos, sinugpo ang kanilang paghihirap at ipinakilala niyang siya ay iyong lingkod.

²²Pinagtagumpayan nga ang iyong Poot, hindi sa pamamagitan ng lakas ng katawan o kapangyarihan ng mga sandata. Nagapi niya ang Nagpaparusa sa pamamagitan ng pagpapagunita sa sinumpaang pangako at tipan sa aming mga ninuno.

²³Namagitan siya nang buntun-buntun na ang mga patay, pinapaglubag ang Poot at inihwalay sa mga nabubuhay. ²⁴Sapagkat masigasig na nakalarawan ang buong daigdig sa mahaba niyang balabal, nakatitik ang marangal na pangalan ng mga ninuno sa apat na hanay ng mga bato at nakalimbag ang iyong kamaharlikaan sa diadema sa kanyang ulo.

²⁵Dahil sa mga ito, natakot at sumuko ang Mamumuksa; sapat na ang mga pagsubok at parusa.

19 ¹Ngunit inuusig ng walang awang poot ang mga tampalasan hanggang sa wakas, sapagkat nahuhulaan ng Diyos ang gagawin nila: ²na matapos silang payagang umalis at madaliin ang kanilang paglisan, ay hahabulin din sila.

³Samantalang ang mga Ehipsiyo ay nagpangangisan sa libing ng kanilang mga patay ay binuo nila ang masamang balak na uusigin nila na parang mga takas ang mga ito.

⁴Isang makatarungang kapalaran ang nagdala sa kanila sa gayong kagipitan; nalimutan nila ang mga nangyari upang maging ganap ang muling kaparusahan sa kanila. ⁵Samantalang kahanga-hanga ang paglalakbay ng iyong bayan, inabot naman sila ng isang walang katulad na kamatayan.

⁶Sumunod nga sa iyong kautusan ang iba't ibang nilalang at nagbagong anyo upang mapagtanggol ang iyong mga anak. ⁷Lumukob ang ulap sa kanilang kampamento at lumitaw ang tuyong lupa sa tubig. Nabuksan ang isang maaliwalas na daan sa Dagat na Pula, naging lunting kapatagan ang nakatatokot na baha ⁸upang makatawid ang buong bansang kinalinga ng iyong kamay at masaksihan nila ang iyong kahanga-hangang kababalaghan.

⁹Naglundagan silang tulad ng mga kabayo sa pastulan o nagkakatuwang mga tupa sa

pagpupuri sa iyo, Panginoon, na nagligtas sa kanila. ¹⁰Sapagkat nagunita nila ang mga nang-yari sa kanilang pangingibang-bayan, kung panong sa halip na mga hayop ay mga lamok ang nagsilitaw sa lupa, at sa halip na isda ay napuno ang ilog ng mga palaka.

¹¹Pagkaraa'y nakakita sila ng isang naiibang paglitaw ng mga ibon: nang humingi sila ng pagkain ay ¹²lumitaw sa dagat ang mga pugo na makabubusog sa kanila.

¹³Sumapit ang kaparusahan sa mga makasalanan matapos silang balaan ng matinding kulog; nararapat lamang na parusahan sila dahil sa kanilang kabuktutan na nagpapatunay sa labis nilang pagkapoot sa mga dayuhan.

¹⁴May mga tumangging tanggapin ang mga di-kilalang dayuhan, ngunit inalipin ng mga Ehipsiyo ang mga panauhing naging mabait sa kanila. ¹⁵Parurusahan sila dahil sa masama nilang pagkakatanggap sa mga dayuhan; ¹⁶matapos silang masayang tanggapin ng mga Ehipsiyo at ituring na kapantay, ay pinahirapan sila ng katakut-takot sa dakong huli.

¹⁷Dahil dito nangabulag sila na tulad ng ka-

lalakihan sa Sodom na dumating sa pintuan ng makatarungang si Lot at nalukuban ng pusikit na kadiliman, bawat isa'y kakapa-kapa sa paligid sa paghahanap ng lalabasan.

¹⁸Ang mga puwersa ng kalikasan ay nagpalit-palit ng mga katangian, tulad sa mga kuwerdas ng isang arpa na lumilikha ng bagong himig habang patuloy ang daloy ng musika. Dito'y maliwanag na makikita ang naganap kung susuriin ang mga pangyayari: ¹⁹Naging hayop sa tubig ang mga hayop sa lupa at umahon sa katihan ang mga lumalangoy. ²⁰La-long naglagablab sa tubig ang apoy nang mawalan ng bisang pumatay ng apoy ang tubig. ²¹Sa ibang pagkakataon, di nakuhang tupukin ng ningas ang maliliit na hayop na nagdaan dito, ni tunawin ang pagkaing makalangit na mada-ling matunaw na tulad ng yelo.

• ²²Sa lahat ng paraan, Panginoon, dinakila mo at niluwalhati ang iyong bayan at hindi mo sila pinabayaan, bagkus ipinagsanggalang mo sa lahat ng panahon at saanmang dako.

• **19.22.** Biglang nagtatapos ang aklat sa pag-asang ito: hinding-hindi pababayaan ang bayan ng Diyos.